

Spiritually Whole in Him

By President Camille N. Johnson
Relief Society General President

Espirituwal na Maging Buo sa Kanya

Ni President Camille N. Johnson
Relief Society General President

April 2025 general conference

Wholeness does not necessarily mean physical and emotional restoration in this life. Wholeness is born of faith in and conversion to Jesus Christ.

Ten lepers hollered to the Savior, “Have mercy on us.” And Jesus did. He told them to show themselves to the priest, and as they went, they were cleansed of the disease.

And one of them, when he saw that he was healed, shouted praises to God. He returned to the Savior, fell at His feet, and expressed gratitude.

And the Savior said to him who was thankful, “Thy faith hath made thee whole.”

Jesus Christ had healed ten lepers. But one, coming back to the Savior, received something in addition. He was made whole.

Nine lepers were physically healed.

One was physically healed and made spiritually whole.

In pondering this story, I have wondered if the converse is true. If healing and wholeness are not the same, can one be made spiritually whole by Him but not yet physically and emotionally healed?

The Master Healer will heal all our afflictions—physical and emotional—in His time. But in the waiting to be healed, can one be whole?

What might it mean to be spiritually whole?

Ang pagiging buo ay hindi nangangahulugan ng pisikal at emosyonal na pagbabalik sa dati sa buhay na ito. Ito ay bunga ng pananampalataya at pagbabalik-loob kay Jesucristo.

Sampung ketongin ang nagsisigaw sa Tagapagligtas, “Maawa ka sa amin.” At kinaawaan nga sila ni Jesus. Sinabi Niya sa kanila na magpakita sa saserdote at habang naglalakad, luminis na ang kanilang balat.

At isa sa kanila, nang makita niyang siya’y magaling na, ay nagpapuri sa Diyos sa malakas na tinig. Bumalik siya sa Tagapagligtas, nagpatirapa sa Kanyang paanan, at nagpasalamat.

At sinabi ng Tagapagligtas sa kanya na nagpasalamat, “Pinagaling ka [ginawa kang buo] ng iyong pananampalataya.”

Pinagaling ni Jesucristo ang sampung ketongin. Ngunit ang isa na bumalik sa Tagapagligtas ay tumanggap nang higit pa. Siya ay ginawang buo.

Siyam na ketongin ang pisikal na gumaling. Isa ang pisikal at espirituwal na naging buo.

Sa pagninilay ko sa kuwentong ito, napaisip ako sa katotohanan ng ideyang ito. Kung ang pagpapagaling at pagiging buo ay hindi pareho, maaari ba Niyang espirituwal na gawing buo ang isang tao ngunit hindi pa mapagaling sa pisikal at emosyonal?

Ang Dakilang Manggagamot ay pagagalingin ang lahat ng ating sakit—pisikal at emosyonal—sa Kanyang takdang panahon. Ngunit sa paghihintay na gumaling, maaari bang maging buo ang isang tao?

Ano ba ang maaaring kahulugan ng espirituwal na maging buo?

We are whole in Jesus Christ when we exercise our agency to follow Him in faith, submit our hearts to Him so He can change them, keep His commandments, and enter a covenant relationship with Him, meekly enduring and learning from the challenges of this earthly estate until we return to His presence and are healed in every way. I can be whole while I wait for healing if I am wholehearted in my relationship with Him.

Faith in Jesus Christ begets hope. I find hope in striving to be whole—a wholeness born of faith in Jesus Christ. Faith in Him increases my hope for healing, and that hope reinforces my faith in Jesus Christ. It is a powerful cycle.

The Lord told Enos his faith had made him “whole.” Wholeness came as Enos pondered on the words of his prophet-father, Jacob, as he hungered to understand the opportunity for eternal life, as he cried unto God in mighty prayer. And in that state of desire and humility, the voice of the Lord came to him, announcing his sins were forgiven. And Enos asked the Lord, “How is it done?” And the Lord responded, “Because of thy faith in Christ, ... thy faith hath made thee whole.”

Through our faith in Jesus Christ, we can seek to be spiritually whole while we wait and hope for physical and emotional healing.

By virtue of His atoning sacrifice, and when we sincerely repent, the Savior heals us from sin, as He did with Enos. His infinite Atonement also reaches our griefs and sorrows.

But He may not provide healing from illness and disease—chronic pain, autoimmune disorders like multiple sclerosis, cancer, anxiety, depression, and the like. That kind of healing is on the Lord’s time. And in the meantime, we can

Tayo ay nagiging buo kay Jesucristo kapag pinipili nating sumunod sa Kanya nang may pananampalataya, isinusuko natin sa Kanya ang ating kalooban upang mapagbago Niya ito, sumusunod sa Kanyang mga kautusan, at pagkakaroon ng kaugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng pakikipagtipan, at mapagpakumbabang nagtitiis at natututo sa mga hamon ng buhay na ito hanggang sa makabalik tayo sa Kanyang piling at magsigaling sa lahat ng paraan. Maaari akong maging buo habang naghihintay na mapagaling kung taos-puso ang aking ugnayan sa Kanya.

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay nagdudulot ng pag-asa. Nagkakaroon ako ng pag-asa sa pagsisikap kong maging buo—pagiging buo na bunga ng pananampalataya kay Jesucristo. Ang pananampalataya sa Kanya ay nagpapalakas sa pag-asa kong ako’y gagaling, at itinataguyod ng pag-asang iyon ang aking pananampalataya kay Jesucristo. Ito ay isang makapangyarihang siklo.

Sinabi ng Panginoon kay Enos na “pinagaling o ginawa siyang buo” ng kanyang pananampalataya. Natanggap ni Enos ang pagiging buo nang pagnilayan niya ang mga salita ng kanyang amang propeta, si Jacob, noong nagugutom siyang maunawaan ang pagkakataong makamit ang buhay na walang hanggan, nang tumawag siya sa Diyos sa taimtim na panalangin. At sa ganong kalagayan ng pagnanais at pagpapakumbaba, ang tinig ng Panginoon ay narinig niya, na nagpapahayag na pinatawad na ang kanyang mga kasalanan. At tinanong ni Enos ang Panginoon, “Paano ito nangyari?” At sumagot ang Panginoon, “Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo, ... ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo.”

Sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesucristo, maaari nating hangarin na espirituwal na maging buo habang naghihintay tayo at umaasa sa pisikal at emosyonal na pagpapagaling.

Sa bisa ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, at kapag taos-pusong nagsisi tayo, pinagagaling tayo ng Tagapagligtas mula sa kasalanan, tulad ng ginawa Niya kay Enos. Nakaaapekto rin ang Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala sa ating mga pighati at kalungkutan.

Ngunit maaaring hindi Niya tayo pagalingin mula sa karamdaman at sakit—sa chronic pain, autoimmune disorders na tulad ng multiple sclerosis, cancer, anxiety, depression at iba pa. Ang ganitong uri ng pagpapagaling ay ayon sa

choose to be made whole by exercising our faith in Him!

To be whole means to be complete and full. Much like the five wise virgins who had their lamps full with oil when the bridegroom came, we can be whole in Jesus Christ as we fill our lamps with the nourishing oil of conversion to Him. In that way, we are prepared for the symbolic wedding supper, His Second Coming.

In the parable all ten of the virgins were in the right location, awaiting the bridegroom. Every one of them came with a lamp.

But when He came, at the unexpected midnight hour, the five foolish did not have sufficient oil for their lamps. They were not described as wicked but rather as foolish. The foolish failed to adequately prepare to keep their lamps burning with the oil of conversion.

And so, in response to their petition to be permitted to enter the wedding supper, the bridegroom responded, “Ye know me not.”

Implying, then, that the five wise virgins did not know Him. They were whole in Him.

Their lamps were full of the precious oil of conversion, which allowed the wise virgins to enter the marriage feast on the right hand of the bridegroom.

As expressed by the Savior, “Be faithful, praying always, having your lamps trimmed and burning, and oil with you, that you may be ready at the coming of the Bridegroom.”

Five Wise Virgins, by Ben Hammond

A magnificent sculpture depicting the five wise virgins was recently placed on Temple Square, just outside the doors to the Relief Society Building and in the shadow of the Salt Lake Temple.

It is a location befitting application of the parable. Because when we make and keep covenants, particularly those available in the house of the Lord, we fill our lamps with the oil of conver-

takdang panahon ng Panginoon. Atsamantala, maaari nating piliing maging buo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya!

Ang ibig sabihin ng maging buo ay maging kumpleto at ganap. Tulad ng limang matalinong birhen na puno ng langis ang mga ilawan nang dumating ang kasintahang lalaki, maaari tayong maging buo kay Jesucristo yamang pinupuno natin ang ating mga ilawan ng mapagkalingang langis ng pagbabalik-loob sa Kanya. Sa ganoong paraan, handa tayo para sa simbolikong hapunan ng kasalan, ang Kanyang Ikalawang Pagparito.

Sa talinghaga, ang lahat ng sampung birhen ay nasa tamang lugar, naghihintay sa pagdating ng kasintahang lalaki. Bawat isa sa kanila ay may dalang ilawan.

Ngunit nang Siya’y dumating, sa hindi inasahang oras ng hatinggabi, ang limang hangal ay walang sapat na langis para sa kanilang mga ilawan. Hindi sila inilarawan na masasama, bagkus ay mga hangal. Nabigong sapat na maghanda ang mga hangal para mapanatiling nagdiringas ang kanilang mga ilawan ng langis ng pagbabalik-loob.

Kaya nga, bilang tugon sa kanilang kahilingan na pahintulutan silang pumasok sa hapunan ng kasalan, sumagot ang kasintahang lalaki, “Hindi ko kayo nakikilala.”

Ipinapahiwatig nga nito natalagangkilala Siya ng limang matalinong birhen. Sila ay naging buo sa Kanya.

Ang kanilang mga ilawan ay puno ng mahalagang langis ng pagbabalik-loob na nagpahintulot sa matalinong birhen na makapasok sa piging ng kasal sa may kanang kamay ng kasintahang lalaki.

Tulad ng sinabi ng Tagapagligtas, “Maging matapat, nananalangin tuwina, taglay ang inyong mga ilawan na tinabasan at nagniningas, at may langis na dala kayo, upang kayo ay maging handa sa pagparito ng Kasintahang lalaki.”

Ang Limang Matalinong Birhen, ni Ben Hammond

Isang napakagandang iskultura na ipinapakita ang limang matalinong birhen ang inilagay kamakailan sa Temple Square sa labas lamang ng mga pintuan ng Relief Society Building at sa lilim ng Salt Lake Temple.

Lokasyon ito na marapat sa talinghaga. Dahil kapag gumagawa at tumutupad tayo ng mga tipan, lalo na yaong mga natatanggap natin sa bahay ng Panginoon, pinupuno natin ang ating

sion.

While the women represented as the five wise virgins are not sharing the oil of their conversion, they are sharing their light as they hold up their lamps, which are full of oil and burning brightly. Significantly they are depicted supporting one another—shoulder to shoulder, an arm around another, making eye contact and beckoning others to come to the light.

Indeed, “[we] are the light of the world.” The Savior declared:

“I give unto you to be the light of this people. A city that is set on a hill cannot be hid.

“... Do [we] light a candle and put it under a bushel? Nay, but on a candlestick; and it giveth light [unto] all that are in the house;

“Therefore let your light so shine before this people, that they may see your good works and glorify your Father [which] is in heaven.”

We are commanded to share His light. So keep your lamp full of the oil of conversion to Jesus Christ and be prepared to keep your lamp trimmed and burning bright. Then let that light shine. When we share our light, we bring the relief of Jesus Christ to others, our conversion to Him is deepened, and we can be whole even while we wait for healing. And as we let our light shine brightly, we can be joyful even while we wait.

A scriptural example is useful in reinforcing the principle that we can be whole as we are converted to Jesus Christ and draw strength from Him, even while we wait for healing.

The Apostle Paul had some kind of affliction—what he described as a “thorn in the flesh,” which three times he had asked the Lord to remove. And the Lord said to Paul, “My grace is sufficient for thee: for my strength is made perfect in weakness.” To which Paul declared:

“Most gladly therefore will I ... glory in my

mga ilawan ng langis ng pagbabalik-loob.

Bagama’t hindi ibinabahagi ng mga babaeng kumakatawan sa limang matalinong birhen ang langis ng kanilang pagbabalik-loob, ibinabahagi nila ang kanilang liwanag habang itinataas nila ang kanilang mga ilawan na puno ng langis at maningning na nagniningas. Kapansin-pansing inilalarawan sila na sumusuporta sa isa’t isa—balikat sa balikat, nakayakap ang bisig sa bawat isa, nag-uugnayan ang mga mata at tinatawag ang iba na pumunta sa liwanag.

Tunay nga na “[tayo] ang ilaw ng sanlibutan.” Ipinahayag ng Tagapagligtas:

“Ibinibigay ko sa inyo na maging ilaw ng mga taong ito. Isang lunsod na nakatayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitatago.

“... [Tayo] ba ay nagsisindi ng kandila upang ilagay sa ilalim ng takalan? Hindi, kundi sa isang kandelero; at ito ay nagbibigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay;

“Samakatwid hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit.”

Inuutusan tayong ibahagi ang Kanyang liwanag. Kaya panatilihin puno ng langis ng pagbabalik-loob kay Jesucristo ang inyong ilawan at maging handa na panatilihin maayos at maningning na nagniningas ang inyong ilawan. Pagkatapos ay hayaang magliwanag ang ilaw na iyon. Kapag ibinabahagi natin ang ating liwanag, naghahatid tayo ng kaginhawahan ni Jesucristo sa iba, lumalalim ang ating pagbabalik-loob sa Kanya, at maaari tayong maging buo habang naghihintay tayo sa pagpapagaling. At kapag hinahayaan nating lumiwanag ang ating ilaw, magiging masaya tayo kahit pa habang naghihintay tayo.

Isang halimbawa sa banal na kasulatan ang kapaki-pakinabang sa pagpapatibay ng alituntunin na maaari tayong maging buo kapag tayo ay nagbalik-loob kay Jesucristo at humuhugot ng lakas mula sa Kanya, kahit pa habang naghihintay tayong pagalingin.

Si Apostol Pablo ay may isang uri ng sakit—na inilarawan niya na isang “tinik sa laman,” na tatlong beses niyang hiniling sa Panginoon na alisin. At sinabi ng Panginoon kay Pablo, “Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo, sapagkat ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahi-naan.” Sa gayon ipinahayag ni Pablo:

“Ako’y lalong magmamalaki ... sa aking

infirmities, that the power of Christ may rest upon me.

“Therefore I take pleasure in infirmities, ... in distresses for Christ’s sake: for when I am weak, then am I strong.”

Paul’s example suggests that even in our weakness, our strength in Jesus Christ can be made perfect—that is, complete and whole. Those who wrestle with mortal struggles and turn to God in faith like Paul can receive the blessings of becoming acquainted with God.

Paul was not healed of his affliction, but he was spiritually whole in Jesus Christ. And even in his adversity, the light of his conversion to and strength from Jesus Christ was shining, and he was joyful. In his Epistle to the Philippians, he exclaimed, “Rejoice in the Lord alway[s]: and again I say, Rejoice.”

Sisters and brothers, the answer is yes, we can be spiritually whole, even while we wait for physical and emotional healing. Wholeness does not necessarily mean physical and emotional restoration in this life. Wholeness is born of faith in and conversion to Jesus Christ and in letting the light of that conversion shine.

“Many are called, but few [choose to be] chosen.”

All will be physically and emotionally healed in the Resurrection. But will you choosenowto be whole in Him?

I declare with joy that I am converted to the Lord Jesus Christ. I am striving to be whole in Him. I am sure that all things will be restored and healing will come, in His time, because He lives.

Mary Magdalene was a woman healed of Jesus Christ. And she was a woman whole in Jesus Christ. As His disciple, she followed the Savior throughout Galilee and ministered to Him.

She was present at the foot of the cross, a witness to His death.

She went to His tomb to complete the burial preparations and discovered that the stone covering had been taken away, that the Lord’s body was gone. Mary was at the tomb weeping when she was asked, first by the angels and then by the

kahinaan, upang ang kapangyarihan ni Cristo ay manatili sa akin.

“Kaya, alang-alang kay Cristo, ako’y nasisiyahan sa mga kahinaan, ... at mga sakuna, sapagkat kapag ako’y mahina, ako nga’y malakas.”

Ang halimbawa ni Pablo ay nagpapahiwatig na kahit sa ating kahinaan, ang ating lakas kay Jesucristo ay maaaring gawing perpekto—ibig sabihin, kumpleto at buo. Yaong mga nakikipagbuno sa mga paghihirap sa buhay na ito at bumabaling sa Diyos nang may pananampalataya na tulad ni Pablo ay makatatanggap ng mga pagpapala upang makilala ang Diyos.

Hindi gumaling si Pablo sa kanyang sakit, ngunit espirituwal na naging buo siya kay Jesucristo. At kahit sa kanyang paghihirap, ang liwanag ng kanyang pagbabalik-loob at lakas mula kay Jesucristo ay nagingning, at siya ay naging masaya. Sa kanyang Sulat sa mga taga-Filipos, naibulalas niya, “Magalak kayong lagi sa Panginoon; muli kong sasabihin, Magalak kayo.”

Mga kapatid, ang sagot ay oo, maaari tayong espirituwal na maging buo, kahit pa naghihintay tayo ng pisikal at emosyonal na pagpapagaling. Ang pagiging buo ay hindi nangangahulugan ng pisikal at emosyonal na pagbabalik sa dati sa buhay na ito. Ito ay bunga ng pananampalataya at pagbabalik-loob kay Jesucristo at sa pagpangingning ng liwanag ng pagbabalik-loob na iyon.

“Marami ang tinawag, ngunit kakaunti ang [pumiling]piliin.”

Lahat ay pisikal at emosyonal na gagaling sa Pagkabuhay na Mag-uli. Ngunit pipiliin ba ninyongayonna maging buo sa Kanya?

Masayang ipinapahayag ko na nagbalik-loob ako sa Panginoong Jesucristo. Sinisikap kong maging buo sa Kanya. Natitiyak ko na ang lahat ng bagay ay ibabalik sa dati at ang paggaling ay darating, sa Kanyang takdang panahon, dahil Siya ay buhay.

Si Maria Magdalena ay isang babaeng pinagaling ni Jesucristo. At siya ay isang babaeng naging buo kay Jesucristo. Bilang Kanyang disipulo, sinundan niya ang Tagapagligtas sa buong Galilea at pinaglingkuran Siya.

Naroon siya sa paanan ng krus, isang saksi sa Kanyang kamatayan.

Nagpunta siya sa Kanyang libingan para tapusin ang mga paghahanda sa libing at natuklasan na inalis ang takip na bato, na wala na roon ang katawan ng Panginoon. Naroon si Maria sa may libingan at umiiyak nang tanungin siya, una

Savior Himself, “Woman, why weepest thou? whom seekest thou?”

Mary cried, “They have taken away my Lord, and I know not where they have laid him.”

And Jesus tenderly called her by name, “Mary.” And she recognized Him and reverently replied, “Rabboni; ... Master.”

Prophesying of the Savior, Isaiah said, “He will swallow up death in victory; and the Lord God will wipe away tears from off all faces.”

His Resurrection allowed Mary’s tears to be wiped away. Surely He will wipe away yours too.

Mary was the first witness of the resurrected Savior. And she was the first to witness to others of what she had seen.

I humbly add my testimony to Mary’s. He is risen. Jesus Christ lives. Ultimately all will be healed, physically and emotionally, in Him. And in the waiting for that healing, faith in the Master Healer will make us spiritually whole. In the name of Jesus Christ, amen.

ng mga anghel at pagkatapos ng mismong Tagapagligtas, “Babae, bakit ka umiiyak? Sino ang hinahanap mo?”

Sinabi ni Maria, “Sapagkat kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung saan nila siya inilagay.”

At magiliw na tinawag ni Jesus ang kanyang pangalan, “Maria.” At nakilala niya Siya at magalang na sumagot, “Rabboni; ... Guro.”

Sinabi ni Isaias noong nagpropesiya siya tungkol sa Tagapagligtas, “Lulunukin niya ang kamatayan magpakailanman at papahirin ng Panginoong Diyos ang mga luha sa lahat ng mga mukha.”

Ang Kanyang Muling Pagkabuhay ang pumawi sa mga luha ni Maria. Tiyak na papahirin din Niya ang sa inyo.

Si Maria ang unang saksi ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas. At siya ang unang nagpatotoo sa iba pa tungkol sa kanyang nakita.

Mapagpakumbabang idinaragdag ko ang aking patotoo kay Maria. Siya ay nabuhay. Si Jesucristo ay buhay. Sa huli ang lahat ay gagaling, pisikal at emosyonal, sa Kanya. At sa paghihintay para sa pagpapagaling na iyon, ang pananampalataya sa Dalubhasang Manggagamot ay gagawin tayong buo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.